Ang pangunahing layon ng ACRS ay tumulong sa mga taong mababa ang kita, imigrante, refugees, at mga Asyano/pacifiko na ipinanganak sa America at naninirahan sa King County. Ang layunin nito ay upang maitaguyod ang karapatan at katauhan, bigyang-kapangyarihan ang bawat taong Asyano/Pacfico, pamilya, at komunidad—pati na rin ang mga imigrante, refugees, at mga taong ipinanganak sa kanilang sariling bayan—sa pamamagitan ng pagpaunlad, pagtagubilin, at pagbigay-tulong at serbisyo na angkop sa bawat wika at kultura. Halos lahat ng kliyente ng ACRS ay nakakatanggap ng tulong galing sa isang employado na nakakapagsalita ng wika at may alam sa kultura ng kliyente. And mga sumusunod ay listahan ng mga serbisyo ng ACRS na angkop sa bawat wika at kultura ng kliyente para maipabuti ang kalagayan at pamumuhay ng bawat Asyano/Pacifikong Americano:

- Aging and Adult Services (pagbibigay ng impormasyon, pangangasiwa ng pangangalaga o kaso, serbisyong pangbahay para sa mga taong may edad lna mahigit sa 55 at may pagkabalda.)
- Children Youth and Families Program (pagpapayo, pangangasiwa ng kaso, pagpapayo o pagtuturo sa mga magulang, aktibidad na angkop sa edad, at grupong pangsuporta)
- Comprehensive Adult Mental Health (pag-gagamot, pangangasiwa ng kaso o gamot, pagsusuri ng ka lagayan ng pagiisip)
- Consultation and Education (consultasyon o pagsusuri at pagtuturo ng organisasyon kung paano makakatulong sa komunidad na binobuo ng iba't-ibang kultura)
- Domestic Violence Intervention and Education (pag-gagamot sa pang-aabuso ng pamilya, taong mamamagitan para sa mga biktima, pagtuturo or pagsasanay ng komunidad)
- Senior Nutrition, Emergency Feeding and Foodback (pagbibigay ng pagkaing angkop di lamang sa kalagayan at kalusugan kung hindi pati na rin sa kultura)
- Substance Abuse Treatment (pagpapayo, grupong pangsuporta, pagtuturo or pagsasanay ng komunidad)
- Information and Referral (pagbibigay impormasyon at pagrerekomenda sa iba pang angkop na serbisyo sa loob o labas ng ACRS)
- International District Legal Services (libre na pagpapayong legal at pagtuturo)
- Naturalization Program (Pagtuturo ng salitang Ingles at kasaysayan ng Amerika, at pagbigay impormasyo ukol sa mga isyung angkop sa pagiging imigrante or upang maging mamamayan ng Estados Unidos)
- Vocational and Employment (pagpapayo tungkol sa paghanap ng trabaho at pagtuturo ng Ingles na angkop sa paghanap ng trabaho)
-

Para sa mga karagdagang tanong or paggawa ng appointment, tumawag lamang sa numerong (206) 695 7600.

Welcome in Flipino/Tagalog: Mabuhay!